



BAGONG PILIPINAS

KAPASIYAHAN BLG. 2026-130

“NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS AT LUMAGDA SA MEMORANDUM OF AGREEMENT (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN AT DEPARTMENT OF EDUCATION (DEPED) UKOL SA PAGKAKALOOB NG MGA SILID-ARALAN (CLASSROOMS) PARA SA MGA MAG-AARAL NG ALEXIS G. SANTOS NATIONAL HIGH SCHOOL AT DR. MANUEL G. RAMIREZ MEMORIAL ELEMENTARY SCHOOL.”

Sa Pagtataguyod ni:

Igg. Kyle Gabrielle DR. Navarro

Tagapangulo

Lupon sa Kalusugan, Nutrisyon, Sanitasyon, at Edukasyon

SAPAGKA'T, kinikilala ng Pamahalaang Bayan ng Bustos ang kahalagahan ng pagkakaroon ng sapat, ligtas, at maayos na mga pasilidad pang-edukasyon upang matiyak ang de-kalidad na pagkatuto ng mga mag-aaral;

SAPAGKA'T, ang Department of Education (DepEd) ay nagpahayag ng kahandaang makipagtulungan sa Pamahalaang Bayan ng Bustos sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga silid-aralan para sa kapakinabangan ng mga mag-aaral ng Alexis G. Santos National High School at Dr. Manuel G. Ramirez Memorial Elementary School;

SAPAGKA'T, kinakailangan ang pagpasok sa isang Memorandum of Agreement (MOA) upang mailahad ang mga tuntunin, kondisyon, at pananagutan ng bawat panig kaugnay ng nasabing donasyon at paggamit ng mga silid-aralan;

SAPAGKA'T, alinsunod sa Local Government Code of 1991 (Republic Act No. 7160), ang Punong Bayan ay kinakailangang mabigyan ng kapangyarihan ng Sangguniang Bayan upang lumagda sa mga kasunduang may kinalaman sa Pamahalaang Bayan.

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

BAKURAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN


044 761 0069 | sbbustosbulacann@gmail.com | www.facebook.com/SangguniangBayanngBustos

KUNG KAYA'T, sa pagtataguyod ni **IGG. KYLE GABRIELLE DR. NAVARRO** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.


IPINASIYA, gaya ng dito ay **IPINASISIYA**, ng Sangguniang Bayan na bigyang pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin ang Pamahalaang Bayan ng Bustos na lumagda sa memorandum of agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Department of Education (DepEd) ukol sa pagkakaloob ng mga silid-aralan (classrooms) para sa mga mag-aaral ng Alexis G. Santos National High School at Dr. Manuel G. Ramirez Memorial Elementary School.


PINAGTIBAY, ngayong ika-11 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.


Phillip Wryner B. Santos
Kasangguni



Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni



Leo T. Santos
Kasangguni



John Erick L. Perez
Kasangguni



Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay


Kyle Gabrielle DR. Navarro
Kasangguni


Aljhaneal E. Quinones
Kasangguni



Melvin H. Melencio
Kasangguni


Engr. Gliceria M. Perez
Kasangguni


Mel Ryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan


Martin SJ. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng
Sangguniang Bayan ngayong ika-11 ng Agosto taong Dalawanlibo
Dalawampu't Anim.



Atty. Gerardo S. Briasa
Kalihim